# Ikaw ba ay BORROWER o may pagkakautang sa nagsarang Binangonan Rural Bank, Inc.? Narito ang mga paraan ng pagbabayad.

PDIC

Bank deposit mo, protektado!




## 1. Magbayad sa alinmang branch ng Philippine National Bank (PNB)

1.1. Sa PNB Payment Slip, isulat ang sumusunod:

a. Pangalan ng kumpanya: **PDIC FAO BURL – Binangonan Rural Bank, Inc.**

b. Card No./Subscriber's No./Policy Plan No.: Account Reference No. (ARN) *(Hingin sa PDIC)*

c. Pangalan ng magbabayad: PANGALAN NG BORROWER/BUYER/CLIENT

1.2. Magpadala ng kopya ng validated Payment Slip sa Authorized Deputy Receiver for Loans (DR) o Assisting Deputy Receiver (ADR) for Loans sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

a. Ilakip ang scanned copy sa e-mail sa: **pad@pdic.gov.ph**

b. Ilakip sa sulat na naka-address sa: PDIC Public Assistance Department, Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231

*Ang mga validated Payment Slip ang magiging basehan sa pag-isyu ng Official Receipt.*

## 2. Magbayad sa PDIC Public Assistance Center (PAC), 3rd Floor, SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

**Para sa personal na transaksyon sa PAC, pinapayuhan ang mga kliyente na mag-request ng appointment, sumunod sa health protocols, at ipakita ang kanilang vaccination cards. Maaaring magpa-appointment sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:**

- **(02) 8841-4141** (tumawag during office hours, para sa mga borrower sa Metro Manila)
- **1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC** (tumawag during office hours, para sa mga borrower sa labas ng Metro Manila)
- **pad@pdic.gov.ph**
- **www.facebook.com/OfficialPDIC**

## 3. Magbayad ng Postal Money Order (PMO) o tseke na nakapangalan sa "PDIC FAO BURL – Binangonan Rural Bank, Inc." sa pamamagitan ng sulat (mail) sa:

**Public Assistance Department**
(Attention: Loans Management Department I)
Philippine Deposit Insurance Corporation
Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231

## MGA PAALALA:

1. **Para sa mga nagbayad ng tseke, ibabawas sa account ng borrower ang bayad kapag nag-clear na ang tseke.**
2. **Para sa mga nagbayad sa PNB at sa pamamagitan ng sulat (para sa PMO at tseke), ipapadala ng PDIC ang Official Receipt sa pamamagitan ng sulat.**
3. **Ipagbigay-alam sa PDIC sa pamamagitan ng sulat, e-mail o tawag sa telepono kung hindi pa natanggap ang Official Receipt matapos ang risonableng panahon.**
4. **Para sa mga katanungan, komunikasyon at iba pang mga transaksyon ukol sa nagsarang bangko, makipag-ugnayan sa PDIC sa pamamagitan ng sulat, e-mail, tawag sa telepono o Facebook private message.**